

## Mga Pangunahing Karapatan

Ang bawat tao sa Oregon ay may mga pangunahing karapatan kapag nakikipag-ugnayan sa mga sistema pagkatapos ng isang insidente ng poot/hindi patas na pagtingin o krimen. May karapatan ka:

- Sa isang tagapagsalin – kung ikaw ay lumalapit sa pulisya, mga ospital, at ano mang programa o ahensya ng gobyerno na tumatanggap ng pederal na pondo, mayroon kang karapatan sa isang libreng tagapagsalin at tumanggap ng mga materyal na isinalin sa isang wika na iyong hiniling. (Titulo VI ng Batas sa mga Karapatang Sibil, Batas sa mga Amerikanong may Kapansanan)
- Na tratuhin nang may dignidad at paggalang.
- Aksesibilidad – mayroon kang karapatan na isaalang-alang ang iyong kahilingan para sa mga makatwirang pagbabago sa mga lugar ng pambalikong akomodasyon kung ikaw ay may kapansanan. (Batas sa mga Amerikanong may Kapansanan)
- Na magkaroon ng suportang tao na iyong pinili sa tabi mo. Mayroong ilang eksepsyon sa ilalim ng batas sa ilang partikular na mga kapaligiran; halimbawa, ipinagbabawal ng batas ng Oregon ang mga suportang tao sa Maringal na Hurado o sa mga Panayam sa Pang-aabuso sa Bata.
- Na ituloy o maghanap ng legal na sibil na mga remedyo sa iyong sarili o sa pamamagitan ng pagkonsulta o pagpapanatili ng isang abogado.
- Sa angkop na paraan at kaliwanagan kapag nakikipag-ugnayan sa mga sistema ng pamahalaan – kabilang ang pagkakaroon ng ganap na pagsisiyasat ng mga krimen, pagkuha sa mga proseso ng apela kung ang mga aplikasyon para sa mga benepisyo ay tinanggihan, at paghiling/pagkuha sa mga pampublikong rekord ayon sa pinapayagan ng batas.
- Na manatiling tahimik, hindi makilahok, o kontrolin ang iyong antas ng pakikipag-ugnayan sa mga sistema. Tiyak na may mga eksepsyon, kabilang ang kung ikaw ay na-subpoena. Gayunpaman, kung magsisimula ka ng

aplikasyon sa isang ahensya ng estado para sa benepisyo tulad ng SNAP o TADVS, atbp., maaari mong baguhin ang iyong isip tungkol sa pagpapatuloy sa proseso. Maaari mong bawiin ang iyong aplikasyon.

- ❑ Na piliin na makipag-usap sa medya o hindi – ito ay iyong kagustuhan. Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang aming isang-pahina tampok [Ang mga Tip sa Pakikipag-ugnayan sa Medya.](#)
- ❑ Na magtanong sa mga sistema tungkol sa kung paano nila poprotektahan ang iyong pagiging kumpidensyal at/o itanong kung saan ibabahagi o itatago ang iyong impormasyon.
- ❑ Na hindi maibahagi ang iyong personal na impormasyon sa ICE o mga pederal na ahensya ng imigrasyon para sa layunin ng pagpapatupad ng pederal na imigrasyon ng isang empleyado ng estado o lokal na pamahalaan o alagad ng batas, maliban kung inatasan ayon sa kautusan na nilagdaan ng isang hukom. (ORS 181A.820-181A.829)
- ❑ Na hindi madiskrimina batay sa iyong protektadong klase – ipinagbabawal ng mga batas ng Oregon at pederal ang diskriminasyon sa aktwal at pinaghihinalaang protektadong klase. Ang listahan ng mga protektadong klase ay nag-iiba depende sa kung saan ka – sa trabaho, sa paaralan, sa tindahan, sa iyong tahanan, atbp.

Ito ay hindi isang kumpletong listahan ng mga karapatan, at hindi bumubuo ng legal na payo. Para sa karagdagang impormasyon, [kumonsulta sa isang abogado.](#) Maaari mo ring suriin ang aming [pangkalahatang-ideya sa Konstitusyonal ng Oregon at mga karapatan ng biktima ng krimen ayon sa batas para sa mga biktima ng krimen ng pagkamuhi/hindi patas na pagtingin.](#)